5. Ang mga kopya ng resolusyon o position papers ay maaring ipadala sa media, sa mga *Committee* na dumidinig ng nasabing panukalang batas *(Committee on Aquaculture and Fisheries Resources* sa *House of Representatives* at *Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform* sa Senado), sa mga Senador, at sa Congressman sa inyong distrito.
6. Maari rin pong hilingin sa mga nasabing *Committee* na ang inyong samahan ay imbitahan sa mga pagdining o *hearings* ukol sa nasabing panukalang batas bilang tagapagmasid o bilang *resource person.*

*December 2021*

**Published by the NGOs for Fisheries Reform (NFR) with financial support from the Rosa Luxemburg Stiftung.**

**Photos courtesy of RARE Philippines.**









**Praymer para sa Panukalang Batas ng**

# BANTAY DAGAT WELFARE AND INCENTIVES ACT

Inihanda ng NGOs for Fisheries Reform (NFR) para sa Pangingisda Natin Gawing Tama (PaNaGat) Network, sa suporta ng Rosa Luxemburg Stiftung

## Ano ang Bantay Dagat?

Ang Bantay Dagat o *Sea Patrol* ay mga ***community-based, volunteer organizations*** at indibidwal na nakikipag-ugnayan sa pamahalaan (lokal o nasyonal) upang **bantayan at protektahan** ang kanilang katubigan munisipal *(municipal waters),* ilog, lawa at iba pang rekursong dagat mula sa mga iligal na pangingisda, at tumulong sa mga *rescue operations*. Ito ay nasa superbisyon ng lokal na pamahalaan.

Ayon sa panukalang batas, ang **legal na kahulugan** ng Bantay Dagat ay: mga taong dumaan sa **pagsasanay sa pagpapatupad** ng mga batas pangkaragatan at pangisdaan, ***accredited*** ng *City/Municipal Fisheries and Aquatic Resources Council* (C/MFAMRC) at ***deputized*** ng *Local Chief Executive* sa siyudad o munisipyo na kung saan sila ay **boluntaryong naninilbihan** bilang mga *"deputized fishery law enforcers."*

## Ano ang panukalang batas para sa pagpapatupad ng Bantay Dagat Welfare and Incentives Act?

Ang panukalang batas para sa pagpapatupad ng *Bantay Dagat Welfare and Incentives Act* ay isang panukala sa Kongreso na naglalayong maglahad ng polisiya at sistema **sa pormal at legal na pagkilala** sa mga Bantay Dagat. Ito ay nagbibigay rin ng mga karagdagang **suporta, benepisyo, insintibo at proteksyon** sa mga Bantay Dagat.

## Ano ang mga mahahalagang probisyon nito?

1. **Pagpaparehistro ng Bantay Dagat:** Upang makatanggap ng mga benepisyo at insentibo na nakasaad sa panukalang batas, kinakailangang nakarehistro ang Bantay Dagat sa M/CFARMC kung saang munisipyo sila naninilbihan.
2. **Mga kwalipikasyon** para maging Bantay Dagat:
   - **a.** Pilipino;
   - **b.** Rehistradong mangingisda at may lisensya upang mangisda sa munisipyo/syudad na kung saan balak na ma-*accredit* bilang Bantay Dagat;
   - **c.** 21 hanggang 60 anyos ang gulang;
   - **d.** Hindi sentensyado sa paglabag ng *Fisheries Code* at ng kahit anong *environmental laws;*
   - **e.** Dumaan sa pagsasanay sa *Fishery Laws Enforcement;* at
   - **f.** May 3 taon na karanasan sa pangagalaga ng pangisdaan *(fisheries management).*
3. **Mga benepisyo at insentibo** na maaring matanggap ng Bantay Dagat volunteer:
   - **a.** *Insurance* at *PhilHealth;*
   - **b.** *Hazard Allowance;*
   - **c.** *Subsistence Allowance* o *Meal Allowance;*
   - **d.** Mga pagsasanay tulad ng *paralegal training, case documentation, evidence gathering/preservation*, paggamit ng mga kagamitan para sa *coastal and fisheries law enforcement;*
   - **e.** *Scholarship* para sa isang anak ng Bantay Dagat kung sya mismo ay hindi makakakuha nito;
   - **f.** Libreng *Legal Services* mula sa *Municipal/City Legal Officer* o *Public Attorney's Office* para kung sakaling sila ay i-*harass* sa pamamagitan ng pagsasampa ng mga kaso dahil sa pagpapatupad ng kanilang katungkulan; at
   - **g.** *Preferential access* sa pautang.
4. ***Civil Service Eligibility:*** Bibigyan ng *second grade eligibility* ang Bantay Dagat na nanilbihan ng 5 taon.
5. ***Security of Tenure:*** Tulad ng mga empleyado ng gobyerno, hindi pwedeng basta-bastang tanggalin sa kanyang posisyon bilang Bantay Dagat.
6. ***Agent or Person in Authority:*** Ang mga *accredited* na Bantay Dagat ay kikilalaning *Agent or Person in Authority* o may katungkulan, tulad ng mga pulis, habang kanyang ginagampanan ang kanyang tungkulin.
7. **Subsidiya at pondo mula sa gobyerno:** Ang LGU ay minamandato na maglaan ng pondo para sa mga benepisyo, insentiba at operasyon (kagamitan, sasakyan at gasoline para sa pag patrolya, atbp.) ng Bantay Dagat. Ang pambansang pamahalaan, sa pamamagitan ng BFAR ay inaasahang magbibigay rin ng subsidiya sa mga lokal na pamahalaan na may Bantay Dagat.

## Anu-ano ang mga pwedeng gawin upang itaguyod ang pagsasabatas ng Bantay Dagat bill?

1. Maaring mag-tipon ang inyong samahan upang pag-aralan, pag-usapan at magbuo ng resolusyon na naglalatag ng posisyon ng pag-suporta at mga rekomendasyon upang mas mapalakas at mapaganda ang nasabing panukalang batas.
2. Matapos makapagbuo ng posisyon ang inyong samahan, maaring kausapin ang ibang karatig na samahan ng mangingisda, NGOs at simbahan sa inyong lugar upang ipaliwanag sa kanila ang panukalang batas at hikayatin silang mag labas ng kanilang sariling resolusyon ng pag-suporta.
3. Maari ring kausapin ang inyong lokal na pamunuan o LGU (i.e. Mayor, Sangguniang Bayan, atbp.) upang sila rin ay gumawa ng resolusyon o posisyon ng pag-suporta.
4. Pwede ring mag-daos ng press conference o kumausap sa mga lokal na mamahayag o media upang ihayag ang inyong posisyon at mga rekomendasyon.